Walang Diyos kundi si Allāh. Kapighatian ay ukol sa mga Arabe mula sa isang kasamaan na nalapit na! Binuksan ngayong araw mula sa saplad ng Gog at Magog ang tulad nito

Ayon kay Zaynab bint Jaḥsh (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pumasok sa kinaroroonan niya dala ng panghihilakbot, na nagsasabi: "Walang Diyos kundi si Allāh. Kapighatian ay ukol sa mga Arabe mula sa isang kasamaan na nalapit na! Binuksan ngayong araw mula sa saplad ng Gog at Magog ang tulad nito." Nagpabilog siya ng daliri niya sa hinlalaki niya, na kasunod nito."} Nagsabi si Zaynab bint Jaḥsh: {Kaya nagsabi ako, O Sugo ni Allāh, masasawi po ba tayo samantalang nasa atin ang mga maayos na tao? Nagsabi siya: "Oo, kapag dumami ang karumalan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Pumasok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kinaroroonan ni Zaynab bint Jaḥsh (malugod si Allāh sa kanya) dala ng panghihilakbot habang nangangamba samantalang siya ay nagsasabi: "Walang Diyos kundi si Allāh," bilang pagpapahayag ng inaasahang bagay na kinasusuklamang mangyayari. Walang kaligtasan mula rito kundi sa pamamagitan ng pagdulog kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya). Pagkatapos nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapighatian ay ukol sa mga Arabe mula sa isang kasamaan na nalapit na ang pagkaganap nito! Binuksan ngayong araw mula sa saplad# ng Gog at Magog, ang dam na ipinatayo ni Dhulqarnayn, ang tulad nito." Nagpabilog siya ng daliri niya sa hinlalaki niya, na kasunod nito. Nagsabi si Zaynab (malugod si Allāh sa kanya): "Papaano pong magpapangibabaw si Allāh sa atin ng kasawian samantalang nasa atin ang mga mananampalatayang maayos?" Nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag dumami ang karumalan mula sa mga katiwalian, pagsasamasamang-loob, mga pagsuway, pangangalunya, mga alak, at iba pa sa mga ito, lalaganap ang kasawian sa lahat.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3145